

**PAGGAMIT NG PEER MENTORING SA PAGPAPAHUSAY NG KASANAYAN
SA SA PAGGAWA NG LESSON PLAN NG MGA MAG-AARAL**

Isang Pananaliksik na Iniharap sa
College of Education
Misamis University
Ozamiz City

Bilang Bahagi ng Pagsasakatuparan
ng mga Kinakailangan sa Titulong
Bachelor of Secondary Education
Major in Filipino

nina

ANTONETTE CLAIRE M. PULANGAS

HANNAH MAE C. GALLEPOSO

May 2025

DAHON NG PAGPAPATIBAY

Ang tesis na ito ay pinamagatang, **“PAGGAMIT NG PEER MENTORING SA PAGPAPAHUSAY NG KASANAYAN SA PAGGAWA NG LESSON PLAN NG MGA MAG-AARAL”** ay inihanda at ipinasa nina **Antonette Claire M. Pulangas** at **Hannah Mae C. Galleposo** bilang bahagi ng katuparan ng mga pangangailangan sa titulong **Bachelor of Secondary Education Major in Filipino**, na ngayon ay itinagubilin para sa kaukulang pagsusulit na pasalita.

SYDEL CAMILLE D. COMPO, MAEd
Tagapayo

Pinagtibay ng Lupon ng Pagsusulit na Pasalita na may gradong *Pasado*.

GENELYN R. BALUYOS, EdD
Chairman

LEIZEL JOY C. DABALOS, MAEd
Kasapi

JOENARD L. TUASTOMBAN, MAEd
Kasapi

Tinanggap at pinagtibay bilang bahagi ng katuparan ng pangangailangan sa titulong **Bachelor of Secondary Education Major in Filipino**.

GENELYN R. BALUYOS, EdD
Dean, College of Education

Petsa: Mayo 2025

PAGKILALA

Ang mga mananaliksik ay lubos na nagpapasalamat sa Poong Maykapal na walang sawang gumabay, nagkaloob ng biyaya at lakas ng loob sa mananaliksik na maisagawa ang pag-aaral na ito.

Kay Dr. Genelyn R. Baluyos, ang Dekano ng College of Education, para sa kanyang mga rekomendasyon at gabay upang maging matagumpay ang pananaliksik na ito. Ang kanyang suporta ay naging malaking bahagi sa matagumpay na pagbuo at pagsasakatuparan ng pananaliksik na ito.

Kay Gng. Leizel Joy C. Dabalos, ang tagapayo, sa kanyang suporta, gabay, mungkahi, at walang sawang suporta. Ang bukas niyang pagbabahagi ng kaalaman lalo na sa pagsusuri ng datos ay naging susi sa tagumpay ng tesis na ito.

Kay G. Joenard L. Tuastomban, sa kanyang matapat na pagtulong, pagbibigay ng mahahalagang komento, pagbibigay sigla at tibay ng loob sa mananaliksik upang gawin ang pag-aaral na ito.

Kay Gng. Sydel Camille D. Compo, sa kanyang pagbibigay suporta, at mahalagang komento at motibasyon.

Sa mga kalahok, ang kanilang tapat na suporta, pakikipagtulungan at oras upang ibigay sa may-akda ang lahat ng kinakailangang impormasyon.

At higit sa lahat, sa aming pamilya, kaibigan, espesyal na tao para sa pagmamahal, moral na suporta, at inspirasyon upang mapanatili ang mananaliksik sa pagkamit ng kanyang layunin.

PAGHAHANDOG

Ang aklat na ito ay taos-puso naming inaalay
sa Poong Maykapal na nagbibigay ng kaalaman at karunungan;
ang aming minamahal na mga magulang, para sa kanilang moral na suporta, inspirasyon,
at pag-unawa upang maaabot ang lahat ng aming mga pangarap; sa aming mga kaibigan
at kaklase, para sa laging pagsama, panghihikayat, at pag-unawa upang maging
matagumpay ang pag-aaral na ito.

Antonette Claire & Hannah Mae

ABSTRAK

Ang paggawa ng lesson plan ay isa sa mahalagang kasanayan na dapat matutunan ng mga mag-aaral na nagsasanay bilang mga guro. Ang pag-aaral na ito ay isinagawa upang masuri kung paano nakatutulong ang peer mentoring sa pagpapahusay ng kasanayan ng mga mag-aaral sa paggawa ng lesson plan. Ang disenyong ginamit sa kwantitatibong pag-aaral ay quasi-experimental. Sa tulong ng labingdalawang (12) mag-aaral mula sa kursong BSED Filipino ng Misamis University, isinagawa ang pre-test at post-test gamit ang rubric na tumutukoy sa layunin, nilalaman, estratehiya, at pagtataya ng aralin. Gamit ang purposive sampling bilang teknik sa pagpili ng kalahok, pinili ang mga mag-aaral na may mababang marka sa nakaraang pagsusulit sa lesson planning upang higit na masukat ang epekto ng interbensyong peer mentoring. Ginamit ang mean, standard deviation, at t-test upang tukuyin kung may makabuluhang pagkakaiba sa kasanayan ng mga mag-aaral bago at pagkatapos ng mentoring. Lumabas sa descriptive statistics na mababa ang tiwala at kasanayan ng mga kalahok sa paggawa ng lesson plan sa pre-test. Ngunit matapos ang implementasyon ng peer mentoring, malinaw na tumaas ang antas ng kanilang kakayahan. Sa pamamagitan ng paired sample t-test, napatunayan na may estadistikong makabuluhang pagtaas sa kanilang post-test scores, na nagpapakita ng positibong epekto ng mentoring. Batay sa pagsusuri, napatunayan na may makabuluhang pagbabago sa kanilang kasanayan.

Mga Susing Salita: *Filipino, interbensyon, kasanayan, lesson plan, peer mentoring*

TALAAN NG NILALAMAN

	Pahina
PAMAGAT	i
DAHON NG PAGPAPATIBAY	ii
PAGKILALA	iii
PAGHAHANDOG	iv
ABSTRAK	v
TALAAN NG NILALAMAN	vi
TALAAN NG MGA TALAHAANAYAN	vii
TALAAN NG FIGURA	viii
KABANATA	
1. PANIMULA	1
Teoretikal na Balangkas	5
Konseptuwal na Balangkas	7
Iskematik Dayagram ng Pag-aaral	11
Layunin ng Pag-aaral	12
2. PAMAMARAAN	13
Pamamaraang Ginamit	13
Pananaliksik ng Pangkapaligiran	13
Pinanggalingan ng Datos	14
Instrumentong Ginamit	14
Pagtitipon ng Datos	17
Isinaalang-alang na Etika	17
Estatistikang Pag-aaral ng mga Datos	18

3.	RESULTA AT TALAKAYAN	19
	Antas ng Kasanayan ng mga Mag-aaral sa Paggawa ng Lesson Plan Bago ang Peer Mentoring	19
	Antas ng Kasanayan ng mga Mag-aaral sa Paggawa ng Lesson Plan Pagkatapos ng Peer Mentoring	21
	Makabuluhang Pagkakaiba sa Antas ng Kasanayan ng mga Mag-aaral sa Paggawa ng Lesson Plan sa Pamamagitan ng Peer Mentoring	23
4.	LAGOM, MGA NATUKLASAN, KONKLUSYON AT REKOMENDASYON	25
	Lagom	25
	Mga Natuklasan	25
	Konklusyon	26
	Rekomendasyon	27
	TALASANGGUNIAN	28
	APENDIKS	
	Apendiks A – Talatanungan	
	Apendiks B – Nasagutang Papel	
	Apendiks C – Sampling Computation	
	Appendix D – Informed Consent Form	
	Apendiks E – Approved Letters of Consent	
	Apendiks F – Istatistikal na Pagkalkula	
	Apendiks G – Documentation	
	CURRICULUM VITAE	16

TALAAN NG MGA TALAHANAYAN

Talahanayan	Pahina
1. Antas ng Kasanayan ng mga Mag-aaral sa Paggawa ng Lesson Plan Bago ang Peer Mentoring	19
2. Antas ng Kasanayan ng mga Mag-aaral sa Paggawa ng Lesson Plan Pagkatapos ng Peer Mentoring	21
3. Makabuluhang Pagkakaiba sa Antas ng Kasanayan ng mga Mag-aaral sa Paggawa ng Lesson Plan sa Pamamagitan ng Peer Mentoring	23

TALAAN NG FIGURA

Pigura	Pahina
1 Iskematik Dayagram ng Pag-aaral 	11

PANIMULA

Ang peer mentoring ay isang mahalagang estratehiya sa edukasyon na nagbibigay ng makabuluhang suporta sa mga estudyante sa kanilang akademikong pag-unlad. Ang lesson plan ay tumutulong sa mga guro na maisagawa ang aralin, itakda ang mga layunin, ayusin ang mga gawain, at matukoy ang mga paraan upang makamit ang mga ito (Sebullen 2023). Ang peer mentoring sa pamamagitan ng lesson study ay nagtataguyod ng kooperasyon at kumpiyansa ng mga mag-aaral (Cabuguas 2025). Ipinapakita nito na anuman ang istilo ng mentoring, mahalaga pa rin ito sa pagpapahusay ng pagganap at kasanayan ng mga mag-aaral sa larangan ng edukasyon (Alonso García et al., 2024).

Maraming mag-aaral, partikular na ang mga nasa unang taon ng unibersidad, ang nahihirapang bumuo ng maayos at sistematikong lesson plan dahil sa kakulangan ng sapat na gabay at *mentoring* (Hird, 2021). Ang peer mentoring ay epektibong nakapagpapalakas ng kumpiyansa, *reflective learning*, at *academic engagement* ng mga mag-aaral, sa mga kasanayang mahalaga sa paggawa ng de-kalidad na lesson plan (Budge & Mendell, 2020). Gayunpaman, kung walang sapat na suporta, ang mga mag-aaral ay mas nagiging *vulnerable* sa pagkakaroon ng mababang grado, pagkaantala ng pagtatapos, at pagbawas ng aktibong pakikilahok sa buhay-unibersidad (Akmal et al., 2022). Dahil dito, mahalagang pag-aralan kung paano makatutulong ang peer mentoring sa pagpapahusay ng kasanayan sa paggawa ng lesson plan upang maiwasan ang mga negatibong akademikong epekto.

Ang peer mentoring ay nakapagbibigay ng pagkakataon sa mga estudyante na makibahagi sa isang konteksto ng kooperatibong pagkatuto na mahalaga sa kanilang pag-unlad (Naufal et al., 2024). Ang *mentorship* ay nakatutulong sa pagbuo ng mga praktikal na kasanayan at upang maiwasan ang mga karaniwang pagkakamali sa pagtuturo. Kaugnay nito, pinatunayan ng pag-aaral nina Idris et al (2024) na ang peer mentoring ay may positibong epekto sa akademikong pagganap ng mga estudyante, na nagreresulta sa mas mataas na antas ng pagpapanatili at pagtatapos ng kurso. Higit pa rito, ipinakikita naman nina Malik et al (2019) na ang peer mentoring ay nakatutulong hindi lamang sa pangkalahatang akademikong resulta kundi lalo na sa pagkatuto ng mas komplikadong asignatura tulad ng pagkakaiba, kung saan ang *mentor* at *mentee* ay nakabubuo ng matibay na relasyon na nakaaambag sa pag-unlad ng kanilang kakayahang pag-aaral.

Sa Egypt, natuklasan na ang paggamit ng *lesson study* sa mentoring ay nagpapalalim ng kaalaman sa aralin at nagpapahusay ng kolaborasyon (ScienceDirect, 2021). Pinatunayan ng pag-aaral nina Johnson at Smith (2020) na ang *mentoring* ay nakatutulong sa mas epektibong *lesson planning* at mas mataas na kalidad ng pagtuturo. Naobserbahan nila na ang mga mag-aaral na may access sa peer mentoring ay nagpakita ng mas aktibong partisipasyon at pagganap sa klase (Frontiers in Education, 2024). Samantala, ipinakita naman ng pananaliksik ni Paik et al (2019) na ang matibay na ugnayan sa pagitan ng mentor at *mentee* ay may malaking ambag sa pag-unlad ng kasanayang pagtuturo. Sa kabuuan, ang mga resulta ng mga pag-aaral na ito ay nagpapakita na ang *lesson plan* at *peer mentoring* ay mahalagang estratehiya para sa pagpapabuti ng kasanayan ng guro at pagganap ng mag-aaral.

Sa peer mentoring, ang mas bihasang indibidwal ay gumagabay sa kapwa estudyanteng may limitadong karanasan sa parehong larangan (Jankens et al., 2021). Dahil magkapareho sila ng edad o katayuan, nagiging mas bukas at magaan ang komunikasyon. Gayunpaman, marami pa ring estudyante ang hindi nakakaalam ng benepisyo nito, at ang ilang guro ay kulang sa kaalaman at kasanayan sa pagpapatupad (Hamdan et al., 2024). Sa Pilipinas, ipinakita ng isang pag-aaral na positibong nakaaapekto ang *peer coaching* sa *lesson planning*, pagtuturo, at pagbibigay ng puna sa *teacher interns* (Lualhati et al., 2025). Sa Cebu City, natuklasan na ang *one-on-one peer tutoring* ay nakapagpahusay ng kasanayan sa lesson plan ng mga estudyante (Macapayad et al., 2023). Ayon din sa isang pananaliksik sa Philippine Normal University, epektibo ang mentoring sa pagbibigay ng suporta sa pananaliksik at kolaborasyon ng guro at *mentee* (Morales et al., 2024). Sa kabuuan, ipinapakita ng mga lokal na pag-aaral na may malaking potensyal ang peer mentoring ngunit nangangailangan ng sapat na pagsasanay at suporta mula sa administrasyon.

Ang peer mentoring ay nakapagbibigay ng benepisyo sa emosyonal at sosyal na aspeto ng pag-aaral. Ipinakita ng mga kalahok na mas mataas ang kanilang integrasyon sa komunidad pang-edukasyon na mahalaga sa pakikipagtulungan sa lesson planning (Sullins, 2020). Ang ganitong integrasyon ay nagtataguyod ng pakiramdam ng pag-aari at motibasyon ng mga mag-aaral (Tiainen & Lutovac, 2024). Sa lokal na konteksto, natuklasan na ang *peer coaching* ay nakapagpapahusay sa *lesson planning* at pagbibigay ng feedback ng mga teacher interns (Lualhati et al., 2025). Dagdag pa rito, ipinakita na ang peer tutoring ay nakapagpapababa ng stress at nagpapalakas ng tiwala ng mga mag-aaral sa Cebu (Macapayad et al., 2023). Sa kabuuan, ang peer mentoring ay nakatutulong

hindi lamang sa akademikong pagganap kundi pati sa emosyonal at sosyal na katatagan ng mga mag-aaral.

Ang peer mentoring ay may makabuluhang kontribusyon sa kasanayan ng mga estudyante sa paggawa ng *lesson plan* (Johnson et al., 2024). Ang mentorship ay hindi lamang tumutulong sa akademikong pagganap kundi nagbibigay din ng emosyonal na suporta, na mahalaga sa pagbuo ng mga handa at mahusay na guro para sa hinaharap. Sa pamamagitan ng mentorship, ang mga estudyante ay nagiging mas handa at may kumpiyansa sa pagharap sa mga hamon ng kanilang propesyon.

Maraming pananaliksik ang nagtatampok ng mga benepisyo ng *peer mentoring* sa edukasyon, kakaunti lamang ang mga pag-aaral na nakatuon sa epekto nito sa kasanayan sa paggawa ng *lesson plan*, partikular sa konteksto ng mga mag-aaral. Sa kabila ng mga positibong resulta sa mga aspeto tulad ng akademikong pagganap at emosyonal na suporta, hindi pa ganap na nasusuri kung paano tiyak na nakakaapekto ang *peer mentoring* sa praktikal na kasanayan ng mga estudyante sa *lesson planning*. Ang pananaliksik na ito sa ay nangangailangan ng masusing pag-aaral upang maunawaan ang tiyak na kontribusyon ng peer mentoring sa pagpapahusay ng kasanayan ng mga mag-aaral sa pagpapalano ng aralin.

Sa Misamis University, Ozamiz City, naobserbahan ng mga mananaliksik na nahihirapan ang mga mag-aaral sa paggawa ng *lesson plan* partikular na sa unang taon ng mga Filipino major, susuriin ang mga posibleng hakbang para mapahusay ang paggawa ng *lesson plan* sa mga mag-aaral. Isinagawa ang pag aaral na ito upang matukoy ang epekto ng *Peer Mentoring* sa mga mag-aaral, at masuri ang posibleng hakbang para sa matagumpay na paggawa ng *Lesson Plan*.

Teoritikal na Balangkas

Ang mga sumusunod ay mga teorya na pangunahing pinagbabatayan ng pag-aaral na ito: Teoryang *Cognitive Apprenticeship Theory* ni Collins, Brown, & Newman (1989) at *Social Constructivism* ni Lev Vygotsky (1978).

Ang *Cognitive Apprenticeship Theory* nina Collins, Brown, & Newman (1989) ay nakatuon sa kung paano natututo ang mga mag-aaral sa pamamagitan ng *modeling*, *coaching*, *scaffolding*, at *reflection*. Mas epektibo kung ito ay nakabatay sa tunay na karanasan, kung saan ang isang mas may kasanayang indibidwal ay gumagabay sa mga baguhan upang matutunan ang isang kasanayan. Natutulungan ang mga mentees na maging mas mahusay sa pagbuo ng lesson plans, na siyang magiging pundasyon ng kanilang epektibong pagtuturo sa hinaharap.

Ang *Cognitive Apprenticeship Theory* nina Collins, Brown, at Newman (1989) ay mahalaga sa peer mentoring at lesson planning dahil binibigyang-diin nito ang *modeling*, *coaching*, *scaffolding*, at *reflection*. Sa peer mentoring, ang mentor ay nagsisilbing apprentice master na nagpapakita kung paano matutunan at maisagawa ang isang kasanayan (BMC Medical Education, 2023). Mahalaga rin ito sa lesson planning dahil nagagawa ng guro na magdisenyo ng aralin na may structured peer mentoring sessions upang mapadali ang *modeling* at *coaching*. Mas epektibo ang pagkatuto sa loob ng isang community of practice kung saan natututo ang baguhan mula sa mas may karanasan (Lave at Wenger, 1991). Dagdag pa rito, binigyang-diin nina Cruz at Bautista (2022) na ang pagsasanib ng peer mentoring at lesson planning ay lumilikha ng student-centered learning environment kung saan aktibong nakikilahok ang mga mag-aaral sa kanilang pagkatuto (Cruz at Bautista, 2022).

Pinagtitibay ng *Cognitive Apprenticeship Theory* ang halaga ng interaksyon at mentorship sa edukasyon. Sa pamamagitan ng peer mentoring, ipinakita sa pag-aaral nina Jafar et al (2023) na mas epektibong natututo ang mga mag-aaral dahil sa suporta ng kanilang kapwa. Samantala, ipinakita naman nina Chan at kolaborador (2024) na ang paggamit ng lesson planning ay mahalaga upang maisama ang mga estratehiyang ito sa aktwal na pagtuturo. Ang ganitong integrasyon ay nagpapakita, ayon kay Vygotsky na muling binigyang-diin sa mga kontemporaryong pagsusuri (Aljohani, 2023), na ang pagkatuto ay hindi lamang isang *individual cognitive process* kundi isang *socially mediated experience* na nagaganap sa loob ng maayos na istrukturang pang-akademiko.

Ang Zone of Proximal Development o ZPD Lev Vygotsky (1978) ay isang konsepto na nagpapakita kung paano mas epektibong natututo ang isang mag-aaral kapag may kasamang taong mas may kaalaman. Sa peer mentoring, ang mentor ang nagsisilbing pansamantalang suporta o scaffolding tumutulong siya sa *mentee* sa mga bahagi ng lesson planning na medyo mahirap pang unawain o gawin mag-isa. Sa pagbibigay ng gabay, mga halimbawa, at praktikal na tulong, nabibigyan ng pagkakataon ang mentee na unti-unting matutunan ang mga kinakailangang kasanayan (Nguyen et al., 2022). Sa mga *peer-led lesson study*, nakita na mas naging kumpiyansa at mahusay sa lesson planning ang mga pre-service teachers isang patunay ng epektibong paglalapat ng ZPD sa tunay na karanasan sa pagtuturo (Lamb, 2014).

Hindi lang basta nagtuturo ang tagapayo; tinutulungan niyang maabot ng tinuturuan ang mga bagay na hindi pa niya kayang gawin nang mag-isa (Lorenzetti et al., 2020). Sa simula, mas malaki ang tulong na ibinibigay, pero habang natututo ang mentee, unti-unting binabawasan ng mentor ang suporta (Roscoe, 2021). Hanggang sa dumating

ang punto na kaya na ito ng mentee nang mag-isa. Ganito umuunlad ang pagkatuto mula sa pagiging umaasa sa tulong, patungo sa pagiging independent (Bo Feng at Nakkula, 2023). At habang nangyayari ito, hindi lang natututo ng bagong kasanayan ang *mentee*, kundi unti-unti rin siyang nagkakaroon ng kumpiyansa sa sarili (Hamdan, 2024). Sa pagdaan ng panahon, pinatutunayan ng mga resulta ng peer mentoring na nagkakaroon ng tuloy-tuloy na pagbuti ang *academic performance* ng mga estudyante.

Sumusuporta ang teoryang Social Constructivism ni Lev Vygotsky sa paggamit ng peer mentoring bilang isang epektibong paraan upang mapaunlad ang kasanayan sa paggawa ng lesson plan ng mga mag-aaral. Sa proseso ng pagbibigay ng gabay, feedback, at paglililaw ng konsepto, parehong natututo at nahahasa ang mentor at mentee. Nagiging espasyo ito para sa sabayang pagkatuto at pagbuo ng kaalaman na mahalaga sa propesyonal na pag-unlad ng mga guro, partikular ng mga ESL teachers (Hamdan et al., 2024). Sa madaling salita, ang paggamit ng peer mentoring ay isang makabagong estratehiya na nagpapakita ng kongkretong aplikasyon ng teorya sa aktwal na pagtuturo at pagsasanay.

Konseptuwal na Balangkas

Ang pananaliksik na ito ay nakabatay sa Paggamit ng Peer Mentoring sa Pagpapahusay ng Kasanayan sa Paggawa ng Lesson Plan ng mga Mag-aaral. Ang pag-aaral na ito ay nakatuon sa pagtingin kung paano mapauunlad ang kasanayan ng mga mag-aaral sa paggawa ng *lesson plan* gamit ang peer mentoring bilang pangunahing paraan ng pagtutulungan. Sa unang bahagi, isinagawa ang *pre-assessment* upang makita muna ang kasalukuyang kakayahan ng mga mag-aaral. Mahalaga ito upang malalaman

kung saan magsisimula at kung aling aspeto ng paggawa ng lesson plan ang kailangan pa nilang paghusayan.

Dagdag pa rito, mahalaga ang *pre-assessment* upang masuri nang mas malalim ang antas ng kahandaan ng mga mag-aaral sa paggawa ng lesson plan (Brookhart, 2022), ang masusing pagsusuri bago simulan ang interbensyon ay nagbibigay ng matibay na batayan upang maangkop ang mga estratehiya sa pagtuturo at mas epektibong matugunan ang learning gaps ng mga mag-aaral. Sa ganitong paraan, nagiging mas nakatuon ang proseso ng peer mentoring sa mga tiyak na pangangailangan ng bawat estudyante.

Pagkatapos nito ay sinimulan ang peer mentoring, kung saan ang mga mag-aaral ay nagtutulungan, nagpapalitan ng kaalaman, at nagbibigay ng *feedback* sa isa't isa. Sa ganitong paraan, hindi lamang sila natututo nang mag-isa kundi mas nagiging aktibo at bukas din sa mga bagong ideya. Malaking tulong ang peer mentoring sa pagpapalalim ng pagkatuto at pagpapatuloy ng kaalaman (Lorenzetti, 2020). Nakatutulong din ito sa paglinang ng mahahalagang kasanayan gaya ng pakikipagtulungan, komunikasyon, at pagiging bahagi ng isang masiglang akademikong komunidad (Gisbert, 2023).

Napatunayan din ng ilang pag-aaral na ang peer mentoring ay nakapagpapalakas ng *self-efficacy* ng mga mag-aaral (Bandura & Schunk, 2021). Kapag nakikilahok sila sa pagtuturo at pagbabahagi ng kaalaman, mas tumataas ang kanilang kumpiyansa sa paggawa ng mga mahihirap na gawain tulad ng pagbuo ng lesson plan (Lopez et al., 2022). Ayon sa mga pananaliksik, ang ganitong uri ng kolaborasyon ay nagbibigay ng pagkakataon para sa mas malalim na pagkatuto at paglinang ng kasanayan (Martinez & Cruz, 2023). Sa mas bagong pag-aaral, ipinakita na ang peer mentoring ay nakatutulong

din sa emosyonal na katatagan at pagiging handa ng mga mag-aaral sa propesyonal na praktis (Hamdan et al., 2024).

Isinagawa ang *post-assessment* upang masukat ang epekto ng peer mentoring, at napatunayang nagdulot ito ng makabuluhang pagtaas sa academic performance at partisipasyon ng mga mag-aaral (Lopez, 2025). Sa Nigeria, natuklasan na ang structured peer mentorship intervention ay nagpaangat ng CAT scores at engagement levels ng mga mentees (Okafor, 2024). Ipinakita rin ng pag-aaral na nakapagpabuti ito ng subject-specific knowledge na kritikal sa pagbuo ng *lesson plan* (Adedeji, 2024). Dahil dito, mas malinaw na nakikita ang kaugnayan ng peer mentoring sa mas mataas na learning outcomes ng mga mag-aaral. Idinagdag pa ng ibang pananaliksik na ang peer mentoring ay epektibong nakatutulong sa pagbawas ng academic stress at pagbuo ng mas positibong karanasan sa pag-aaral (Ramirez, 2024).

Ang personal na interaksyon sa peer mentoring ay nakapagpapataas ng bisa ng pagtutulungan sa pagitan ng *mentor* at *mentee* (Cornelius-White, 2021). Sa pamamagitan ng pagbabahagi ng ideya at pagbibigay ng agarang feedback, nagiging mas makabuluhan ang proseso ng paggawa ng *lesson plan* (Martinez, 2022). Ipinakita rin na ang face-to-face mentoring ay mas epektibo sa paghubog ng tiwala at pagpapalalim ng diskusyon (Lopez, 2023). Higit pa rito, nakatutulong ito sa pagbuo ng konkreong kasanayan kumpara sa paggamit ng purong teknolohiya (Hernandez, 2022). Pinatunayan ng ibang pananaliksik na ang ganitong interaksyon ay humahantong din sa mas mataas na motivation ng parehong mentor at mentee (Chan, 2024).

Sa kabuuan, ipinakita ng proseso mula *pre-assessment*, peer mentoring, hanggang *post-assessment* na napauunlad nito ang kakayahan ng mga mag-aaral sa lesson planning

(Hughes, 2023). Dagdag pa rito, napatunayan na nakatutulong ito sa pagpapalawak ng soft skills tulad ng kritikal na pag-iisip at leadership (Ramirez, 2024). Ang mga peer-led na diskusyon ay nakapagpapalakas ng kolaborasyon at inobasyon sa pagkatuto (Chan, 2023). Sa ganitong paraan, nagiging mas epektibo ang pagtuturo at pagdisenyo ng aralin (Johnson, 2022). Ayon sa ibang pag-aaral, ang ganitong kolaborasyon ay humahantong din sa mas mataas na retention ng kaalaman sa mga mag-aaral (Morales, 2021).

Kalakip nito ang ideya ni Vygotsky hinggil sa Zone of Proximal Development (ZPD) na nagpapakita na higit na natututo ang isang mag-aaral kapag may gabay at suporta (Daniels, 2021). Sa ganitong pananaw, ang peer mentoring ay nagsisilbing tulay sa pagitan ng kasalukuyang kakayahan at mas mataas na antas ng kaalaman (Johnson, 2022). Pinatutunayan din ng iba't ibang collaborative learning strategies na ito'y epektibong nagagamit sa pagpapalawak ng kasanayan ng mga mag-aaral (Hamdan, 2024). Dahil dito, malinaw na ang *peer mentoring* ay mahalagang bahagi ng aktwal na pagtuturo at pagsasanay. Higit pa rito, ipinapakita rin ng mga resulta na ang paggamit ng ZPD sa peer mentoring ay nakapagpapalago ng kumpiyansa at pagiging independent ng mga mag-aaral (Martinez, 2022).




Figura 1: Iskematik Dayagram ng Pag-aaral

Layunin

Ang pananaliksik na ito ay layuning matukoy ang paggamit ng peer mentoring sa pagpapahusay ng kasanayan sa paggawa ng lesson plan ng mga mag-aaral sa Filipino sa panahon ng Taong Panuruan (SY) 2024–2025 sa isa sa mga institusyon ng mataas na edukasyon sa Lungsod ng Ozamiz. Partikular, hinangad nitong sagutin ang mga sumusunod na katanungan:

1. Natutukoy ang antas ng kasanayan ng mga mag-aaral sa paggawa ng lesson plan bago ang peer mentoring.
2. Natutukoy ang antas ng kasanayan ng mga mag-aaral sa paggawa ng lesson plan pagkatapos ang peer mentoring.
3. Nasusuri kung may kabuluhang pagkakaiba sa antas ng kasanayan ng mag-aaral sa paggawa ng lesson plan sa pamamagitan ng peer mentoring.

PAMAMARAAN

Pamamaraang Ginamit

Ang pananaliksik na ito ay gumagamit ng kwantitatibong pamamaraan at nakabatay sa isang quasi-experimental na disenyo, partikular ang non-equivalent control group design. Sa disenyo ng pag-aaral na ito, inihambing ang dalawang pangkat ng mga mag-aaral: ang experimental group, na sumailalim sa peer mentoring, at ang control group, na hindi binigyan ng ganitong interbensyon. Bago simulan ang mentoring, parehong grupo ay binigyan ng pre-test upang masukat ang kanilang kasalukuyang kasanayan sa paggawa ng lesson plan. Pagkatapos ng interbensyon, parehong grupo ay muling binigyan ng post- test upang matukoy kung may pagbabago o pag-unlad sa kanilang kakayahan.

Pananaliksik na Pangkapaligiran

Isinagawa ang pag-aaral na ito sa isang pribado at di-pampanatikang institusyong pangmataas na edukasyon sa Lungsod ng Ozamiz, Misamis Occidental. Partikular itong isinagawa sa Kolehiyo ng Edukasyon, na kinilala bilang ISO 9001:2015 Management System Certified at ginawaran ng PACUCOA bilang isa sa mga institusyong may pinakamaraming akreditadong programa sa bansa. Ang mga kalahok sa pananaliksik ay mga mag-aaral mula sa Kolehiyo ng Edukasyon.

Pinanggalingan ng Datos

Ang mga kalahok sa pag-aaral na ito ay labingdalawa (12) na mag-aaral na kumukuha ng Bachelor of Secondary Education major in Filipino sa College of Education na pinili sa pamamagitan ng *purposive sampling* na ibinatay sa krayterya na sila ay opisyal na naka-enroll sa panahon na isinagawa ang pag-aaral at sila ay mga mag-aaral na major in Filipino.

Instrumentong Ginamit sa Pagtitipon ng mga Datos

Ginamit ng pag-aaral na ito ang sumusunod na instrumento sa pananaliksik:

A. Iskala sa Antas ng Kasanayan sa Paggawa ng Lesson Plan. Ang iskala na ginamit sa pananaliksik na ito ay isang limang puntong likert-scale questionnaire. Ang limang puntong likert-scale ay may pagpipiliang bilang mula 1 hanggang 5. Ang bilang 1 ang pinakamababa habang ang 5 naman na bilang ang pinakamataas. Sa bilang 1 ay nangangahulugang (Lubos na Hindi Sumasang-ayon), ang bilang 2 naman ay (Hindi Sumasang-ayon), sa bilang 3 (Hindi Tiyak), sa bilang 4 (Sumasang-ayon), at sa bilang 5 ay (Lubos na Sumasang-ayon). Ang inangkop na talatanungan ay nahahati sa anim na seksyon. Binubuo ito ng labing-lima na pahayag kasama ang mga sumusunod: antas ng paggamit ng peer mentoring, epekto ng peer mentoring sa kasanayan sa paggawa ng lesson plan, at pangkalahatang persepsyon.

Narito ang eskala upang matukoy ang lebel ng pagsang-ayon ng mga mag-aaral sa antas ng kasanayan sa paggawa ng lesson plan.

Mga Tugon	Panggitna	Antas
5	4.20-5.00	Lubos na Sumasang-ayon
4	3.40-4.19	Sumasang-ayon
3	2.60-3.39	Hindi Tiyak
2	1.80-2.59	Hindi Sumasang-ayon
1	1.00-1.79	Lubos na Hindi Sumasang-ayon

B. Iskala ng Pagmamarka para sa lesson Plan. Ang talahanayang ito ay ginagamit bilang Iskala ng Pagmamarka para sa lesson plan ng mga mag-aaral na guro. Binubuo ito ng mga pahayag na nagsisilbing pamantayan o batayan sa pagsusuri, at ang iskala na may tatlong antas ng marka: 3 – Lubos na Naaangkop / Napakahusay (nakatugon nang ganap sa pamantayan) 2 – Katamtamang Naaangkop / Katamtaman (may ilang bahagi na kulang ngunit natutugunan ang pangunahing layunin) 1 – Hindi Naaangkop / Hindi Kasiya-siya (hindi natugunan ang pamantayan o malayo sa inaasahan) Sa pamamagitan nito, masusuri nang sistematiko kung gaano kaepektibo at kahusay ang pagkakagawa ng lesson plan, mula sa layunin, nilalaman, pamamaraan, kagamitan, pagtataya, hanggang sa pagbubuo at takdang-aralin.

Iskala	Paglalarawan	Kahulugan
3	Lubos na Naaangkop/ Napakahusay	Ganap na natugunan ang lahat ng pamantayan; malinaw, organisado, at mahusay ang pagkakagawa ng lesson plan.
2	Katamtamang Naaangkop/ Katamtaman	Natugunan ang pangunahing pamantayan ngunit may ilang

bahagi na nangangailangan pa
ng pagpapabuti.

- | | | |
|---|------------------------------------|--|
| 1 | Hindi Naaangkop/ Hindi Kasiya-siya | Hindi natugunan ang mga
pamantayan at
nangangailangan ng malaking
rebisyon. |
|---|------------------------------------|--|

Pagtitipon ng mga Datos

Bago isinagawa ang pananaliksik, humingi ng pahintulot ang mga mananaliksik sa Dekano ng College of Education ng Misamis University at nagbigay ng informed consent sa mga kalahok upang matiyak ang boluntaryong partisipasyon. Nagsimula ito kung saan ipinaliwanag ang layunin ng pag-aaral, ang mga pamamaraan na gagamitin, at kung paano ang pagtitipon at pagsusuri ng datos. Ginamit namin ang isang rubric sa lesson plan, na ibinigay ng guro, bilang instrumento sa pagsukat ng antas ng kanilang kasanayan bago at pagkatapos ng interbensyon ng peer mentoring. Sa ganitong paraan, nakapagtipon kami ng obhektibong datos na magagamit sa pagsusuri ng epekto ng aming napiling estratehiya. Ang paglahok ay hihingin mula sa mga tagapayo ng klase na ang mga estudyante ay nagsilbi bilang aktwal na respondente. Ang Iskala sa Antas ng Kasanayan ay sariling gawa ng mga mananaliksik, ginamit ito upang makakuha ng datos sa paggamit ng peer mentoring sa pagpapahusay ng kasanayan sa paggawa ng lesson lan ng mga mag- aaral sa Filipino.

Etikal na Konsiderasyon

Ang mga respondente sa pananaliksik ay hindi idadaan sa malalim na patakaran na maaaring makapinsala sa anumang paraan. Ang paggalang sa dignidad ng mga respondente sa pananaliksik ay binigyang prioridad. Ang paghingi nang pahintulot ay nakuha mula sa mga respondente bago ang pagsasagawa sa pag-aaral. Ang mga pangalan ng respondente ay hindi naitala sa alinman sa mga materyal na ginamit sa pangangalap ng datos. Ang mga talaan ng pag-aaral na ito ay mananatiling pribado at kumpedensyal. Sa anumang uri ng ulat na maaaring mailimbag, walang impormasyon ang isasama na maging possible upang makilala ang mga mananaliksik. Ang anumang uri ng komunikasyon na may kinalaman sa pananaliksik ay tinatapos sa katapatan at anumang uri ng nakalikito na impormasyon pati na rin bilang representasyon ng mga natuklasan na datos sa isang pinapanigang paraan ay iniwasan.

Pag-aanalisa ng Datos

Ang mga datos ay inalisa gamit ang mga sumusunod na mga kagamitang pangestatistika o statistical tools ng pag-aaral na nakabatay sa Minitab:

Mean and Standard Deviation. Ang tool na ito ay ginamit upang masukat ang average na antas ng kasanayan ng mga mag-aaral sa paggawa ng lesson plan matapos ang peer mentoring.

Paired t-test. Ginamit ito upang matukoy ang makabuluhang pagkakaiba sa pagganap ng mga mag-aaral sa paggawa ng lesson plan sa pamamagitan ng paghahambing ng mga resulta ng pre-assessment at post-assessment.

RESULTA AT TALAKAYAN

Antas ng Kasanayan ng mga Mag-aaral sa Paggawa ng Lesson Plan Bago ang Peer Mentoring

Ipinakikita sa Talahanayan 1 na ang kabuuang antas ng kasanayan sa pagsasalita ng mga mag-aaral sa Filipino bago gamitin ang peer mentoring ay mababa ($M = 2.05$, $SD = 0.28$), pati na rin ang epekto nito sa paggawa ng lesson plan ($M = 1.82$, $SD = 0.16$), at maging ang pangkalahatang persepsyon ng mga mag-aaral ($M = 2.26$, $SD = 0.36$). Sa kabuuan, ang mean na 2.08 ($SD = 0.26$) ay nagpapakita na hindi pa talaga nararamdaman ng mga mag-aaral ang positibong epekto ng peer mentoring sa kanilang pagkatuto.

Bago pa man gamitin ang *peer mentoring*, makikita na may alam na ang mga mag-aaral sa paggawa ng lesson plan, pero hindi pa nila ito lubos na madaling gawin. Kadalasan ay kailangan pa nila ng dagdag na gabay at aktwal na karanasan para mas maging tiwala sila sa kanilang ginagawa. Ang napakababang resulta ng pagganap bago ang paggamit ng *peer mentoring* ay nagpapatunay nito, kaya naman, kinakailangan ng sapat na supporta para matuto sila mula sa kanilang kapwa, makakuha ng payo, at magkaroon ng malinaw na ideya kung paano mas mapapadali at mapapaganda ang kanilang lesson plan.

Ang mababang resulta ay bunga ng kawalan ng sapat na kaalaman o karanasan ng mga mag-aaral sa naturang pamamaraan. Hindi pa ito naipakilala nang maayos, o kulang ang aktwal na aplikasyon nito sa kanilang mga klase. Ang *peer mentoring* ay mas nagiging epektibo kung ito ay may malinaw na layunin at sapat na pagsasanay para sa mga kalahok (Van Ginkel et al., 2022). Ang matagumpay na *peer mentoring* ay

nakasalalay sa maayos na ugnayan at kolaborasyon ng mga kasangkot (Norodien-Fataar 2023).

Malinaw na kailangan ng mas epektibong paraan upang mapaunlad ang kakayahan ng mga mag-aaral sa paggawa ng lesson plan. Bagama't may batayang kaalaman na sila, may mga kahinaan pa ring dapat tugunan. Sa ganitong konteksto, ang peer mentoring ay nagsisilbing makabagong estratehiya na nagtataguyod ng pagtutulungan at pagbabahagi ng kaalaman. Sa pamamagitan nito, mas nagiging handa ang mga mag-aaral sa kanilang akademikong pagganap at sa kanilang paghahanda bilang mga guro sa hinaharap.

Talahanayan 1

Antas ng Kasanayan ng mga Mag-aaral sa Paggawa ng Lesson Plan
Bago ang Peer Mentoring

Mga Konstak	M	SD	Remarks
1. Antas ng Paggamit ng Peer Mentoring	2.05	0.28	Hindi Sumasang-ayon
2. Epekto ng Peer Mentoring sa Kasanayan sa Paggawa ng Lesson Plan	1.82	0.16	Hindi Sumasang-ayon
3. Pangkalahatang Persepsyon	2.36	0.36	Hindi Sumasang-ayon
Pangkalahatang	2.08	0.26	Hindi Sumasang-ayon

Scale: 4.20-5.00 (Lubos na Sumasang-ayon); 3.40-4.19 (Sumasang-ayon); 2.60-3.39 (Hindi Tiyak); 1.80-2.59 (Hindi Sumasang-ayon); 1.00-1.79 (Lubos na Hindi Sumasang-ayon)

Antas ng Kasanayan ng mga Mag-aaral sa Paggawa ng Lesson Plan Pagkatapos ang Peer Mentoring

Ipinakikita sa Talahanayan 2 na mataas ang antas ng kasanayan sa pagsasalita ng mga mag-aaral sa Filipino pagkatapos gamitin ang peer mentoring bilang pantulong sa paggawa ng lesson plan ($M = 3.38$, $SD = 0.88$), ang epekto sa paggawa ng lesson plan ($M = 4.07$, $SD = 0.38$), at ang kanilang pangkalahatang persepsyon ($M = 4.09$, $SD = 0.40$) ay nasa kategoryang “*Sumasang-ayon*.” Sa kabuuan, ang mga mean scores ay nasa loob ng saklaw ng “*Sumasang-ayon*”. Nagpapakita ito ng malaking pag-unlad kumpara sa mga marka bago gamitin ang peer mentoring.

Matapos gamitin ang peer mentoring, napatunayan na ang peer mentoring ay malaking tulong para sa mga mag-aaral sa paggawa ng lesson plan. Dahil dito, nagiging mas malinaw para sa kanila ang mga dapat gawin, mas maayos nilang naiaayos ang kanilang mga plano, at mas tumataas ang kanilang kumpiyansa sa sariling kakayahan. Gayunpaman, mahalaga pa ring mas mapalakas ang paggamit nito sa aktwal na klase upang mas lubos na maramdaman at mapakinabangan ng mga mag-aaral ang lahat ng benepisyong hatid nito.

Higit na nagiging epektibo ang peer mentoring kapag ito ay isinasagawa nang may malinaw na layunin at sapat na pagsasanay, sapagkat nakatutulong ito upang malinang ang mga kasanayang inaasahang matamo ng mga kalahok (Van Ginkel et al., 2022). Ang peer mentoring ay hindi lamang tumutulong sa akademikong aspeto kundi pati na rin sa emosyonal at sosyal na dimensyon ng pagkatuto bagay na mahalaga para sa kabuuang pag-unlad ng mag-aaral (Gopee at Strickland 2021). ang tagumpay ng peer mentoring ay nakabatay sa maayos na ugnayan at kolaborasyon ng mga kalahok, na

siyang nagsisilbing batayan sa pagbubuo ng tiwala at pagbabahaginan ng karanasan (Norodien-Fataar., 2023).

Malinaw na nagkaroon ng positibong pagbabago sa kasanayan ng mga mag-aaral sa paggawa ng lesson plan. Mas naging malinaw sa kanila ang mga hakbang sa pagbuo ng plano, mas maayos ang organisasyon ng kanilang mga ideya, at mas tumaas ang kanilang kumpiyansa sa sariling kakayahan. Ang peer mentoring ay nagbigay ng pagkakataon para sa aktibong pagtutulongan, pagbabahagi ng kaalaman, at pagbibigay ng makabuluhang puna mula sa kanilang mga kapwa mag-aaral. Sa pamamagitan nito, hindi lamang napahusay ang kanilang akademikong pagganap kundi naihanda rin sila nang mas mabuti sa kanilang magiging tungkulin bilang mga guro sa hinaharap. Ipinapakita ng resulta na ang peer mentoring ay isang mabisang estratehiya na nararapat isaalang-alang at higit pang paunlarin upang lalo pang mapaunlad ang kakayahan ng mga mag-aaral sa paggawa ng lesson plan.

Talahanayan 2

Antas ng Kasanayan ng mga Mag-aaral sa Paggawa ng Lesson Plan
Pagkatapos ang Peer Mentoring

Mga Konstak	M	SD	Remarks
1. Antas ng Paggamit ng Peer Mentoring	3.83	0.88	Sumasang-ayon
2. Epekto ng Peer Mentoring sa Kasanayan sa Paggawa ng Lesson Plan	4.07	0.38	Sumasang-ayon
3. Pangkalahatang Persepsyon	4.09	0.45	Sumasang-ayon
Overall Engagement	4.00	0.40	Sumasang-ayon

Scale: 4.20-5.00 (Lubos na Sumasang-ayon); 3.40-4.19 (Sumasang-ayon); 2.60-3.39 (Hindi Tiyak); 1.80-2.59 (Hindi Sumasang-ayon); 1.00-1.79 (Lubos na Hindi Sumasang-ayon)

Makabuluhang Pagkakaiba sa Antas ng Kasanayan ng Mag-aaral sa Paggawa ng Lesson Plan sa Pamamagitan ng Peer Mentoring

Ipinapakita sa Talahanayan 3 ang resulta ng isang independent samples t-test na isinagawa upang matukoy kung may makabuluhang pagkakaiba sa paggawa ng lesson plan ng mga mag-aaral bago at pagkatapos gamitin ang peer mentoring bilang estratehiya. Ipinakita ng resulta na may malaking pagtaas sa kasanayan ng mga mag-aaral sa paggawa ng lesson plan matapos gamitin ang peer mentoring. Mula sa mean na 2.08 bago ang paggamit, umangat ito sa 4.00 pagkatapos, na may malaking pagkakaiba batay sa t-value (11.59) at p-value (0.007). Dahil mas mababa ang p-value kaysa sa 0.01, malinaw na *highly significant* ang resulta, na nangangahulugang hindi lamang basta pagkakataon ang pagtaas na ito kundi bunga ng aktwal na epekto ng peer mentoring.

